

# Ang Iyong mga Karapatan sa Panahon ng Apela

## **Karapatan sa "Sapat na paunawa"**

May karapatan kang tumanggap ng nakasulat na paunawa na nasa payak, malinaw at hindi teknikal na wika. Kailangang ibigay ang paunawa sa mas gusto mong wika at sa mas gustong wika ng iyong awtorisadong kinatawan, kung mayroon ka nito.

## **Karapatang Tumanggap ng Impormasyon sa Pamamagitan ng Pamamaraang Napili Mo**

May karapatan kang tumanggap ng impormasyon sa pamamagitan ng koreo, email, o iba pang paraan na napili mo.

## **Karapatang Iapela ang Iminumungkahing Desisyon o Pagkilos ng Regional Center**

May karapatan kang maghain ng Apela kung hindi ka sumasang-ayon sa isang desisyon o pagkilos na ginawa ng regional center. Ang kahilingang mag-apela ay dapat na ihain sa loob ng 60 araw pagkatapos ng abiso sa desisyon o pagkilos.

## **Karapatang Panatilihin ang Iyong Mga Kasalukuyang Serbisyo**

May karapatan kang ipagpatuloy ang pagiging karapat-dapat mo o ang mga serbisyong kasalukuyan natatanggap mo sa panahon ng apela. Ang tawag dito ay "aid paid pending." Upang mapanatili ang iyong pagiging karapat-dapat o mga serbisyo, kailangang matanggap ng DDS ang iyong kahilingang mag-apela o mamarkahan ito ng koreo ng 30 araw pagkatapos mong makuha ang iyong Paunawa ng Aksyon (NOA, Notice of Action) at bago maganap ang pagkilos.

## **Karapatang I-access ang Iyong mga Rekord**

May karapatan kang i-access ang mga rekord ng regional center tungkol sa iyo. Ito ay nangangahulugang maaari mong tingnan ang iyong mga rekord sa regional center. Maaari ka ring makakuha ng kopya ng iyong mga rekord. Maaari kang singilin ng mga regional center para sa mga gastos sa paggawa ng mga kopya. Kung hindi mo kayang bayaran ang mga rekord, ipaalam sa iyong regional center at itanong kung paano mo makukuha ang iyong mga rekord nang walang bayad. Dapat kang makakuha ng access sa iyong mga record sa loob ng 3 araw ng negosyo mula sa iyong kahilingan.

## **Karapatang Pagpasyahan ang Iyong Pakikibahagi sa Proseso ng Apela**

Maaari mong piliin kung aling (mga) bahagi ng proseso ng apela ang gusto mong gamitin. Ang iyong mga mapagpipilian ay ang hindi pormal na pagpupulong, paggamit ng tagapamagitan, o pagdinig. Maaari mong piliing gamitin ang alinman o lahat ng bahaging ito. Maaari mo ring piliin kung paano dumalo sa hindi pormal na pagpupulong, paggamit ng tagapamagitan o pagdinig: sa pamamagitan ng telepono, video o sa personal. Maaari mong baguhin ang iyong kahilingang mag-apela sa anumang oras upang gamitin ang alinman o lahat ng prosesong ito.

## **Karapatang Pumili ng Kumbinyenteng Oras at Lugar**

May karapatan ka para sa bawat isa sa iyong hindi pormal na pagpupulong, paggamit ng tagapamagitan, at pagdinig sa anumang oras at lugar kung saan ikaw ay makakadalo.

## **Karapatan sa Tulong o Suporta**

May karapatan kang magpatulong o kumuha ng suporta mula sa iba. Maaari itong maging isang abogado o iba pang tao. Ang taong ito ay maaaring maging iyong awtorisadong kinatawan, o isang kaibigan o miyembro ng pamilya. Kung sumasang-ayon ka, tatanggap ang iyong awtorisadong kinatawan ng impormasyon tungkol sa iyong apela.

Maaari mong hilingin sa isang abogado o sa iba pa na tulungan ka sa paghahanda sa iyong apela. Maaari mo ring padaluhin ang iyong abogado sa anumang bahagi ng apela. Kailangan mong ipaalam sa regional center nang maaga kung padadaluhin mo ang iyong abogado sa hindi pormal na pagpupulong, paggamit ng tagapamagitan, o pagdinig. Hindi maaaring magpadalo ang regional center ng abogado nito sa anumang bahagi ng apela maliban kung dadalo ang iyong abogado, o kung ikaw ay isang abogado.

#### **Karapatang Humiling ng Higit pang Panahon**

Kung kailangan mo pa ng panahon, maaari kang humiling nito. Ang tawag dito ay continuance. Maaaring palawigin ng continuance ang panahon para maresolba ang iyong apela, at kailangan itong hilingin bago isagawa ang pagdinig.

Hindi mo kailangang magbigay ng dahilan sa unang pagkakataong hihiling ka ng continuance. Kung hihiling ka ng higit pang mga continuance, kakailanganin mong magbigay ng dahilan (ang tawag dito ay "good cause") para sa iyong kahilingan.

#### **Karapatang Humiling ng Ibang Tagapamagitan o Opisyal ng Pagdinig**

Maaari kang humiling ng ibang Tagapamagitan o Opisyal ng Pagdinig kung sa tingin mo ay hindi sila maaaring maging patas. Kailangan mong gawin ito bago magsimula ang paggamit ng tagapamagitan o pagdinig at magbigay ng dahilan para sa iyong kahilingan.

#### **Karapatang Dumalo sa Apela**

May karapatan kang dumalo sa lahat ng bahagi ng iyong apela.

#### **Karapatang Magpasya kung Magiging Bukas sa Publiko ang Pagdinig**

Bukas sa publiko ang mga pagdinig. Kung ayaw mong dumalo ang publiko sa pagdinig, ipaalam sa Opisyal ng Pagdinig na gusto mong maging sarado ang pagdinig. Magagawa mo ito sa paraang nakasulat bago ang pagdinig, o sa paraang nakasulat o nang pasalita sa pagdinig bago ito magsimula.

#### **Karapatan sa Walang Pinapanigang Pagdinig**

May karapatan kang magsalita nang malaya at lantaran sa iyong pagdinig. Tutulungan ka at ang regional center ng Opisyal ng Pagdinig na ibahagi ang mga katotohanan.

#### **Karapatan sa Isang Interpreter**

Kung hindi Ingles ang mas gusto mong wika, may karapatan ka sa isang interpreter na makakapagsalin para sa iyo nang epektibo, tumpak, at walang kinikilingan. Maaari mong hilingin ang interpreter sa iyong form ng Kahilingan sa Apela (Appeal Request form). Magbibigay ng interpreter para sa lahat ng bahagi ng iyong apela.

#### **Karapatang Bigyan ang Opisyal ng Pagdinig ng Impormasyon.**

Maaari mong bigyan ang Opisyal ng Pagdinig ng impormasyon upang suportahan ang iyong apela. Ang tawag sa impormasyong ito ay ebidensya. Ikaw at ang iba pang mga indibidwal ay maaaring piliin na ibigay ang impormasyon nang pasalita sa Opisyal ng Pagdinig. Ang tawag sa mga indibidwal na ito ay mga saksi. Maaari mo ring bigyan ang Opisyal ng Pagdinig ng mga nakasulat na dokumento.

Ang Pahayag ng Posisyon at ebidensya ng regional center ay kailangang nakasulat sa mas gusto mong wika, at sa mas gustong wika ng iyong awtorisadong kinatawan, kung mayroon ka nito. Kung hindi makakapagbigay ang regional center ng naisaling bersyon ng mga dokumentong ito, sila ay mag-aabiso sa iyo, magbibigay ng kopya sa Ingles, at hihiling ng continuance na may ebidensya ng mga pagsusumikap nitong isalin ang mga dokumento. Kailangang matanggap mo ang impormasyong ito nang hindi bababa sa dalawang araw ng negosyo bago ang iyong pagdinig.

**Karapatang Tanungin ang mga Saksi ng Regional Center**

Maaaring magpatestigo ang regional center sa mga saksi. May karapatan kang tanungin ang mga saksi ng regional center.